# *Ako'y May Isang Bagay na Sasabihin Sa Iyo.*
# *Gumawa ng Mabubuting Bagay Kay Jesus*

***"36 At ipinamanhik sa kaniya ng isa sa mga Fariseo na kumaing kasalo niya. At siya'y pumasok sa bahay ng Fariseo at naupo sa dulang. 37At narito, ang isang babaing makasalanan na nasa bayan; at nang maalaman niyang siya'y nasa dulang ng pagkain sa bahay ng Fariseo ay nagdala siya ng isang sisidlang alabastro na puno ng unguento, 38At nakatayo sa likuran sa kaniyang mga paanan na tumatangis, ay pinasimulan niyang dinilig ng mga luha ang kaniyang mga paa, at ang mga ito'y kinukuskos ng buhok ng kaniyang ulo, at hinahagkan ang kaniyang mga paa, at pinapahiran ng unguento. 39Nang makita nga ito ng Fariseo na sa kaniya'y naganyaya, ay nagsalita sa kaniyang sarili, na sinasabi, Ang taong ito, kung siya'y isang propeta ay nakikilala niya kung sino at kung ano ang babaing ito na sa kaniya'y humihipo, na siya'y makasalanan.40At pagsagot ni Jesus ay sinabi sa kaniya, Simon, ako'y may isang bagay na sasabihin sa iyo. At sinabi niya, Guro, sabihin mo. 41Isang may pautang ay may dalawang may utang sa kaniya: at ang isa'y may utang na limang daang denario, at ang isa'y limangpu. 42Nang sila'y walang maibayad, ay kapuwa pinatawad niya. Alin nga sa kanila ang lalong iibig sa kaniya? 43Sumagot si Simon at sinabi, Inaakala ko na yaong pinatawad niya ng lalong malaki. At sinabi niya sa kaniya, Matuwid ang pagkahatol mo. 44At paglingon sa babae, ay sinabi niya kay Simon, Nakikita mo baga ang babaing ito? Pumasok ako sa iyong bahay, hindi mo ako binigyan ng tubig na ukol sa aking mga paa: datapuwa't dinilig niya ang aking mga ng kaniyang mga luha, at kinuskos ng kaniyang buhok. 45Hindi mo ako binigyan ng halik: datapuwa't siya, buhat nang ako'y pumasok ay hindi humihinto ng paghalik sa aking mga paa. 46Hindi mo pinahiran ng langis ang aking ulo: datapuwa't pinahiran niya ng unguento ang aking mga paa. 47Kaya nga sinasabi ko sa inyo, Ipinatatawad ang kaniyang maraming kasalanan; sapagka't siya ay umibig ng malaki: datapuwa't sa pinatatawad ng kaunti, ay kakaunti ang pagibig. 48At sinabi niya sa babae, Ipinatatawad ang iyong mga kasalanan. 49At ang mga kasalo niyang nangakaupo sa dulang ng pagkain ay nagpasimulang nangagsabi sa kanilang sarili, Sino ito, na nagpapatawad pati ng mga kasalanan? 50At sinabi niya sa babae, Iniligtas ka ng iyong pananampalataya; yumaon kang payapa." (Lucas 7:36-50)***

Ang Panginoong JesuCristo habang Siya ay inanyayahan sa bahay ng Fariseo para sa isang hapunan nakilala Niya ang isang babae na namumuhay sa makasalanang buhay, ***"37At narito, ang isang babaing makasalanan na nasa bayan; at nang maalaman niyang siya'y nasa dulang ng pagkain sa bahay ng Fariseo ay nagdala siya ng isang sisidlang alabastro na puno ng unguento, 38 At nakatayo sa likuran sa kaniyang mga paanan na tumatangis, ay pinasimulan niyang dinilig ng mga luha ang kaniyang mga paa, at ang mga ito'y kinukuskos ng buhok ng kaniyang ulo, at hinahagkan ang kaniyang mga paa, at pinapahiran ng unguento." (Lucas 7:37-38)*** Ang salaysay ng babaeng nagbuhos ng isang mamahaling pabango sa katawan ni Jesus ay binanggit sa apat na ebanghelyo. Ang ilan ay hindi naintindihan ang babae ngunit si Jesus ay nakita ang kanyang puso at pinayagan ang kanyang ginawa. Nang ang Fariseo ay nag-isip ng maling mga bagay sa kanyang isip sinabi ni Jesus sa kanya sa bersekulo ***Lucas 7:40 "At pagsagot ni Jesus ay sinabi sa kaniya, Simon, ako'y may isang bagay na sasabihin sa iyo."*** Ito ang Salita ni Jesus para sa atin. Nais sabihin sa atin ni Jesus ang aral mula sa Kanyang Salita na mapapag-aralan natin mula sa itaas na napiling talata:

***"36 At ipinamanhik sa kaniya ng isa sa mga Fariseo na kumaing kasalo niya. At siya'y pumasok sa bahay ng Fariseo at naupo sa dulang." (Lucas 7:36)*** Kailangan nating anyayahan si Jesus sa ating tahanan at sa ating buhay, at kailangan panatilihin natin ang ating mga puso at ating saloobin na malinis at dalisay, at kailangan nating maging handa na maturuan at maituwid gaya ng ginawa ni Jesus sa Fariseong iyon.
Nais ng Diyos na sabihin sa atin at upang turuan tayo ng isang bagay. Minsan naiisip mo sa iyong sarili na mas mabuti kaysa sa iba, ngunit nais ng Diyos na mas mabuti sa sumusunod:

***1. Walang sariling pagkamatuwid:*** Iniisip ng mga Fariseo na siya ay mas mabuti kaysa sa babae ngunit ang kanyang gawa ay nakagawang mas mabuti kay sa Fariseo, gaya ng sinabi ni Jesus, ***"Kaya't ang mga una'y mangahuhuli, at ang mga huli ay mangauuna." (Mateo 20:16)*** Naiintidan mo ba ang punto? Ito ay depende sa kung gaano ang nakamit mo sa Panginoon. Ito ay depende sa kung gaano mo iniibig ang Diyos! Ayaw ng Diyos sa atin na minamaliit natin ang iba at hinhamak sila dahil sa tingin natin ay mas mababa sila sa atin, kailangan nating magpakumbaba. ***"Mangagkaisa kayo ng pagiisip. Huwag ninyong ilagak ang inyong pagiisip sa mga bagay na kapalaluan, kundi makiayon kayo sa mga bagay na may kapakumbabaan. Huwag kayong mga pantas sa inyong sariling mga haka." (Roma 12:16)***

***2. Mayroon laging pagkakataon para magsisi mula sa ating mga kasalanan, at iyon ang nais ng Diyos sa atin na gawin sa ngayon:*** Ang talata ay nagsasabi tungkol sa nagpapautang na nagtanggal ng mga pagkakautang ng dalawang tao na kanilang inutang sa kanila. Kaya bilang ang babae ay lumapit kay Jesus na may luha ng pagsisisi ay mayroong kapatawaran para sa kanya. * Laging may kapatawaran sa pagsisisi. May katiyakan ng pagpapatawad sa paglapit sa Panginoon. Ngunit hindi dapat nating ulitin iyon. * Ang ilan ay isinasaalang-alang

ang pangangalunya, pagnanakaw at pagpatay ay mga kasalanan, ngunit ganon din ang galit, pagtsismis, katamaran, kawalan ng pangako, hindi ginagawa ang mabuti, pagsisinungaling, paglikha ng mga kaguluhan sa iba ay lahat ay mga kasalanan at kailangan nating magsisi mula sa ganoong makasalanang estilo ng buhay. Ang babae ay nagsisi at inaring-ganap sa pamamagitan ng Panginoon, ngunit ang Fariseo ay hindi nagsisi mula sa kanyang makasariling katuwiran.

***3. Matuto mula sa mabubuting halimbawa na ipinakita ni Jesus sa iyong harapan:*** "***44 At paglingon sa babae, ay sinabi niya kay Simon, Nakikita mob aga ang babaing ito? Pumasok ako sa iyong bahay, hindi mo ako binigyan ng tubig na ukol sa aking mga paa: datapuwa't dinilig niya ang aking mga ng kaniyang mga luha, at kinuskos ng kaniyang buhok." (Lucas 7:44)*** Ipinapakita ni Jesus sa mga Fariseo ang isang halimbawa na mas mabuti kaysa sa kanya sa kung anong ginawa ng babae gaya ng Kanyang sinabi sa kanya "***Nakikita mo baga ang babaing ito?" (Lucas 7:44)***; ipinapakita sa kanya ang mabuting halimbawa upang sundan. Ipinapakita ni Jesus ang mabuting halimbawa sa atin upang sundan: Nakita mo baga ang taong ito? Nakita mo baga ang kapatid na lalaking ito? Nakita mo baga ang kapatid na babaeng ito? Nakita mo ba si Abel, Noe, at Abraham? Itinuturo sa atin ni Jesus sa pamamagitan ng mabuting halimbawa ng mga tao. Kaya kailangan nating matuto mula sa mabubuting halimbawa, sa gayon kailangan nating maging madaling turuan.

***4. Ibigin ang Diyos gaya ng pagibig Niya sa iyo: "47 Kaya nga sinasabi ko sa inyo, Ipinatatawad ang kaniyang maraming kasalanan; sapagka't siya ay umibig ng malaki: datapuwa't sa pinatatawad ng kaunti, ay kakaunti ang pagibig." (Lucas 7:47)*** Si Jesus ay nagpakasakit at namatay sa krus para sa iyong mga kasalanan; ang ating mga kasalanan ay pinatawad sa Kanya. Siya ay inilibing at nabuhay na maguli mula sa pagkamatay upang bigyan tayo ng walang hanggang buhay sa mga sumusunod sa Kanya. Ang babaeng iyon ay pinatawad ng malaki dahil iniibig Niya ng malaki. Kaya kailangan nating ibigin Siya gaya ng babaeng ito na iniibig Siya. Kaya tayo ay lumapit sa pagsisisi at manalangin ng may pagluha, at tayo ay makinig sa Kanyang tinig at sumunod sa Kanyang Salita at mga utos at may kagalakan na sumunod sa Kanyang mga paraan.

***5. Iwanan ang iyong makasalanang buhay: "47 Kaya nga sinasabi ko sa inyo, Ipinatatawad ang kaniyang maraming kasalanan; sapagka't siya ay umibig ng malaki: datapuwa't sa pinatatawad ng kaunti, ay kakaunti ang pagibig." (Lucas 7:47)*** Ang babaeng iyon ay ipinakita niya ang kanyang pagibig kay Jesus bilang siya ay nagsisi mula sa lahat ng kanyang mga kasalanan at mga pagsalangsang. Iniwan niya ang makasalanang buhay, siya ay pinatawad at pumaroon sa paanan ni Jesus. At ito ang nais sabihin sa iyo ni Jesus: Iwanan ang iyong makasalanang buhay at lumapit kay Jesus at tanggapin ang kapatawaran mula sa Kanya, mapasa Kanyang paanan ng may luha ng pagsisisi.

***6. Maging magpakumbaba at handang halikan ang Kanyang paanan:*** Maging magpakumbaba, baguhin ang iyong paraan ng pamumuhay at masdan kung paano isasagawa ang iyong mga gawa. Maging magpakumbaba sa pamamagitan ng pagtanggap ng mga pagtutuwid mula kay Jesus. Maging magpakumbaba sa pamamagitan ng pagnanais na magbago at sundin ang Kanyang kalooban at hindi ang iyong kagustuhan, sa pamamagitan ng pag-aalay ng iyong mga bahagi ng katawan sa Diyos, at sa pagpapanibago ng iyong isip sa Salita ng Diyos upang sa wakas ay magbago ka, **"1 Kaya nga, mga kapatid, ipinamamanhik ko sa inyo, alangalang sa mga kahabagan ng Dios, na inyong iharap ang inyong mga katawan na isang haing buhay, banal, na kaayaaya sa Dios, na siya ninyong katampatang pagsamba. 2At huwag kayong magsiayon sa sanglibutang ito: kundi magiba kayo sa pamamagitan ng pagbabago ng inyong pagiisip, upang mapatunayan ninyo kung alin ang mabuti at kaayaaya at lubos na kalooban ng Dios." (Roma 12:1-2)** Hinahalikan niya ang paanan nito at hindi kinakagat. Anuman ang sinabi ni Jesus at siya'y nakikinig, siya ay sumasang-ayon at ang kanyang pagsang-ayon ay ipinakita niya sa pamamagitan ng paghalik sa Kanyang paanan. Kapag sumuway ka sa Diyos ay kinakagat mo ang Kanyang paanan.

***7. Kagustuhang maglingkod:*** Ang unang paglilingkod sa Diyos ay ating pagsisisi kapag tayo'y nagpakumbaba at tinalikdan ng ating mga kasalanan. Ang babaeng iyong ay lumapit sa Kanya pagkatapos niyang magsisi. ***"38 At nakatayo sa likuran sa kaniyang mga paanan na tumatangis, ay pinasimulan niyang dinilig ng mga luha ang kaniyang mga paa, at ang mga ito'y kinukuskos ng buhok ng kaniyang ulo, at hinahagkan ang kaniyang mga paa, at pinapahiran ng unguento." (Lucas 7:37-38)*** Ang paghuhugas ng paa ay kagustuhang maglingkod; kagustuhan na mapahiya, at maging alipin at hindi panginoon, sinabi ni Jesus ***"14 Kung ako nga, na Panginoon at Guro, ay naghugas ng inyong mga paa, kayo naman ay nararapat ding mangaghugasan ng mga paa ng isa't isa. 15Sapagka't kayo'y binigyan ko ng halimbawa, upang gawin naman ninyo ayon sa ginawa ko sa inyo. 16Katotohanan, katotohanang sinasabi ko sa inyo, Ang alipin ay hindi dakila kay sa kaniyang panginoon; ni ang sinugo man ay dakila kay sa nagsugo sa kaniya. 17Kung nalalaman ninyo ang mga bagay na ito, kayo ay mapapalad kung inyong mga gawin." (Juan 13:14-17)*** Ang mga Fariseo ay hinding handang maglingkod ngunit ang babae ay handang maglingkod Sa ***Lucas 7:38*** ating basahin, ***"At nakatayo sa likuran sa kaniyang mga paanan na tumatangis."*** Ang babae ay nagpakumbaba sapagkat siya ay nagmula sa likuran at mula sa gilid ng paa at hindi mula sa harap at hindi mula sa Kanyang uluhan. Nakikita ni Jesus kung paanong

siya ay nagpakumbaba dahil ay nasa pagsisisi. Nakikita ni Jesus ang kanyang bagbag na puso at pagsisising puso mula sa paraan ng kanyang ikinikilos, ***"Ang mga hain sa Dios ay bagbag na loob: isang bagbag at may pagsisising puso, Oh Dios, ay hindi mo wawaling kabuluhan." (Awit 51:17)*** Maging handa na maglingkod sa Kanya; huwag umupo sa uluhan ni Jesus, ngunit mapasa kanyang paanan, ang pagpapakumbaba ay kinakailangan upang ikaw ay makapaglingkod sa Diyos; ang kababaang-loob ay kinakailangan mula ngayon hanggang sa upang maglingkod sa Diyos. Ang paghuhugas ng paa ay isang gawa ng pagpapakumbaba at kahandaang maglingkod at magsakripisyo alang-alang sa Panginoon. Bago ka magsisi mula sa iyong mga kasalanan ikaw ay naglilingkod kay Satanas, ngunit ngayon gaya ng paglapit mo kay Cristo dapat mong ialay ang iyong sarili upang maglingkod sa Diyos. Dapat nating sabihin, ***"Nagpapasalamat ako sa kaniya na nagpapalakas sa akin, kay Cristo Jesus na Panginoon natin, sapagka't ako'y inari niyang tapat, na ako'y inilagay sa paglilingkod sa kaniya;" (1 Timoteo 1:12)*** Mula ngayon italaga ang iyong sarili nang ganap upang sambahin ang Diyos at maglingkod sa Kanya.

***8. Maging handa na magsakripisyp sa Panginoon:*** "***44 At paglingon sa babae, ay sinabi niya kay Simon, Nakikita mo baga ang babaing ito? Pumasok ako sa iyong bahay, hindi mo ako binigyan ng tubig na ukol sa aking mga paa: datapuwa't dinilig niya ang aking mga ng kaniyang mga luha, at kinuskos ng kaniyang buhok." (Lucas 7:44)*** Kinuskos ng babae ang paanan ni Jesus ng kanyang buhok, ***"at kinuskos ng kaniyang buhok."*** Siya ay handa kahit na ialay ang kanyang kagandahan at isakripisyo ito sa Panginoon. Kapag gusto nating maglingkod, sa ilang pagkakataon ay mas nahihirapan tayo sa maaring makaapekto sa ating sariling pisikal na kaangkupan at kagandahan dahil kulang tayo sa tulog, kaunting pahinga o malantad tayo sa init ng araw na nakakagawa na makaitim sa balat, o ang lamig na nagpapasakit sa atin. Ngunit ang Kagustuhang magsakripisyo ay dapat nandoon. Ang babaeng nagpahid ng mga paa ni Jesus ng kanyang buhok, bilang isang batang babae ay inaalagaan niya ang kanyang buhok, hinuhugsan, nilalagyan ng shampoo ito, nilalagyan ng cream ito, at pinapaganda; ngunit pagkatapos na nasa paanan ni Jesus ay wala na siyang pakialam tungkol sa kanyang kagandaan kundi ang maglingkod sa Diyos at pangangalagaan ang Kanyang mga bagay. Hindi na siya nag-aalala tungkol sa kanyang pamahid at make-up ngunit handa niyang isakripisyo ito sa paanan ni Jesus.

***9. Pagbibigay sa Kanya ng higit at pagbibigay sa Kanya ng pinamahusay sa kung ano kinakailangan sa iyo:*** Ang babaeng iyon ay inialay at ibinuhos sa paanan ni Jesus ang pinakamahal na pamahid. Hindi siya naglagay ng kaunti kundi marami. Naglagay siya ng maraming mamahalaing pabango. ***"Ay lumapit sa kaniya ang isang babae na may dalang isang sisidlang alabastro ng unguento na lubhang mahalaga, at ibinuhos sa kaniyang ulo, samantalang siya'y nakaupo sa pagkain." (Mateo 26:7)*** Sa ibang dako ng ebanghelyo ito ay binanggit ang halaga ng pamahid na katumbas ng isang taong sahod. ***"5 Bakit hindi ipinagbili ang unguentong ito ng tatlong daang denario, at ibigay sa mga dukha?" (Juan 12:5)*** Ang pag-araw-araw na kita para sa manggagawa sa panahong iyon ay isang denaryo kada araw gaya ng babasahin natin dito: ***"2 At nang makipagkasundo na siya sa mga manggagawa sa isang denario sa bawa't araw, ay isinugo niya sila sa kaniyang ubasan." (Mateo 20:2)*** May humigit-kumulang limampung linggo sa isang taon, anim na araw para magtrabaho sa loob ng isang linggo, kaya ang kabuuang araw ng trabaho ay 300 na araw, kaya ang ibinigay niya ay sumasakop sa sahod ng isang taon; isang taong sahod. Ibinigay niya sa kanya nang higit sa ikapu o unang bunga. Napakalaki ng inialay niya kay Jesus dahil pinapahalagahan niya ang mga dakilang bagay na ginawa Niya para sa kanya. Sa parehong paraan kailangan nating pahalagahan ang mahahalagang bagay na ginawa Niya para sa atin. Namatay Siya sa krus at kinuha at ating mga kasalanan at kahihiyahan; kaya't kailangan nating ibigay ang nararapat para sa Kanya.

***10. Kailangan nating gumawa ng namumukod-tangi at ang mabubuting bagay para sa Panginoon na nararapat kilalanin:*** Sa ***Mateo 26*** mayroon tayong pagkakatulad na bagay ng talata ng mensahe, ***"7 Ay lumapit sa kaniya ang isang babae na may dalang isang sisidlang alabastro ng unguento na lubhang mahalaga, at ibinuhos sa kaniyang ulo, samantalang siya'y nakaupo sa pagkain. 8Datapuwa't nang makita ito ng mga alagad, ay nangagalit sila, na nangagsasabi, Ano ang layon ng pagaaksayang ito? 9Sapagka't ito'y maipagbibili sa malaking halaga, at maibibigay sa mga dukha. 10Datapuwa't nang mahalata ito ni Jesus ay sinabi sa kanila, Bakit ninyo binabagabag ang babae? sapagka't gumawa siya sa akin ng mabuting gawa. 11Sapagka't laging nangasa inyo ang mga dukha; datapuwa't ako'y hindi laging nasa inyo. 12Sapagka't sa pagbubuhos niya nitong unguento sa aking katawan, ay ginawa niya ito upang ihanda ako sa paglilibing. 13Katotohanang sinasabi ko sa inyo, Saan man ipangaral ang evangeliong ito sa buong sanglibutan, ay sasaysayin din ang ginawa ng babaing ito sa pagaalaala sa kaniya." (Mateo 26:7-13)*** Sa bersekulo 10 sinabi ni Jesus "***sapagka't gumawa siya sa akin ng mabuting gawa".*** Gumawa siya ng mabubuting bagay kay Jesus at mabuting gawa sa Kanya. Kaya kailangan nating gumawa ng mabubuting bagay para kay Jesus at mabuting gawa para sa Kanya. Tanungin ang iyong sarili ngayon may nagawa ka ba gang mabubuting bagay at mabuting gawa sa Pangioon. ***Sa Mateo 26:13*** Sinabi ng Panginoon sa babae: ***"Katotohanang sinasabi ko sa inyo, Saan man ipangaral ang evangeliong ito sa buong sanglibutan, ay sasaysayin din ang ginawa ng babaing ito sa pagaalaala sa kaniya."*** Kailangan gumawa taayo ng namumukod-tanging mga bagay na sasang-ayunan at papurihan ang Panginoon at ipapalaganap upang hikayatin

ang iba na gumawa ng namumukod-tangi at magagandang bagay para sa Panginoon na karapat-dapat na kilalanin na sa tuwing ipangangaral ang ebanghelyo kung anong ating ginawa ay maalala sa pagalaala sa atin.

***11. Kadalisayan sa puso at motibo:*** Sa ***Marcos 14*** mayrron tayong kaparehong salaysay, ***"3 At samantalang siya'y nasa Betania sa bahay ni Simon na ketongin, samantalang siya'y nakaupo sa pagkain, ay dumating ang isang babae na may dalang isang sisidlang alabastro na puno ng unguentong nardo na totoong mahalaga; at binasag niya ang sisidlan, at ibinuhos sa kaniyang ulo. 4Datapuwa't may ilan na nangagalit sa kanilang sarili, na nagsipagsabi, Ano ang layon ng pagaaksayang ito ng unguento? 5Sapagka't ang unguentong ito'y maipagbibili ng mahigit sa tatlong daang denario, at maibibigay sa mga dukha. At inupasalaan nila ang babae. 6Datapuwa't sinabi ni Jesus, Pabayaan ninyo siya; bakit ninyo siya binabagabag? mabuting gawa ang ginawa niya sa akin. 7Sapagka't laging nasa inyo ang mga dukha, at kung kailan man ibigin ninyo ay mangyayaring magawan ninyo sila ng magaling: datapuwa't ako'y hindi laging nasa inyo. 8Ginawa niya ang kaniyang nakaya; nagpauna na siya na pahiran ang katawan ko sa paglilibing sa akin. 9At katotohanang sinasabi ko sa inyo, Saan man ipangaral ang evangelio sa buong sanglibutan, ay sasaysayin din ang ginawa ng babaing ito sa pagaalaala sa kaniya." (Marcos 14:3-9)*** Sa bersekulo 3 mababasa natin "***unguentong nardo na totoong mahalaga"***. Ang Hebrew salita para sa **'nardo'** ay **'Pistikos'**, na nangangahulugang nauukol as paniniwalang tunay, may kapangyarihang manghikayat, makakumbinsi, mahusay sa paggawa ng paniniwala, mapagkakatiwalaan, matapat, na maasahan, o purong nardo, walang halo at tunay. Pagnilayan natin iyan sa ating sarili. Kalinisan sa harapan ng Diyos ang kailangan. Hindi lamang kailangan nating gumawa ng mabuti kundi maging sa ating motibo ay dapat na malinis, dalisay, may tunay na motibo at walang anumang pagkukunwari, malisya at katiwalian tulad ng Fariseong iyon na nag-anyaya kay Jesus sa kanyang bahay.

***12. Kinakailangan ang may layuning pagbibigay :*** Sa ***Juan 12***, mababasa natin ang katulad ng ginawa ni Maria na kapatid ni Lazarus na binuhay ni Jesus mula sa kamatayan: ***"3 Si Maria nga'y kumuha ng isang libra ng unguentong taganas na nardo, na totoong mahalaga, at pinahiran ang mga paa ni Jesus, at kinuskos ang kaniyang mga paa ng kaniyang mga buhok: at ang bahay ay napuno ng amoy ng unguento. 4Datapuwa't si Judas Iscariote, na isa sa kaniyang mga alagad, na sa kaniya'y magkakanulo, ay nagsabi, 5Bakit hindi ipinagbili ang unguentong ito ng tatlong daang denario, at ibigay sa mga dukha? 6Ito'y sinabi nga niya, hindi sapagka't ipinagmalasakit niya ang mga dukha; kundi sapagka't siya'y magnanakaw, at yamang nasa kaniya ang supot ay kinukuha niya ang doon ay inilalagay. 7Sinabi nga ni Jesus, Pabayaan ninyong ilaan niya ito ukol sa araw ng paglilibing sa akin. 8Sapagka't ang mga dukha ay laging nasa inyo; nguni't ako'y hindi laging nasa inyo." (Juan 12:3-8)*** Si Judas Iscariote ay binagabag ang babae ngunit sinabi ni Jesus sa bersekulo 7 ay sinabi, ***Pabayaan ninyo siya"***, Kaya ipinagtanggol Niya ang babae, upang protektahan ito, at pahintulutan ang kanyang ginawa at hindi na muling abalahin. At higit pang ipinaliwanag ni Jesus ang layunin ng kanyang pagbibigay, ***"inilaan niya ito ukol sa araw ng paglilibing sa akin."***, upang ang pamahid ay ginamit at nagligtas para sa layuning iyon. Kaya may layunin, ay upang isantabi ang ilang mahahalagang bagay at maibigay sa Diyos, at sa takdang panahon.

***Sa aking Mahal at Minamahal:*** Isinugo ni Jesus ang babae na may mga pagpapala at gayon din ngayon na ipapadala Niya sa iyo ang mga pagpapala, ***"48 At ang mga kasalo niyang nangakaupo sa dulang ng pagkain ay nagpasimulang nangagsabi sa kanilang sarili, Sino ito, na nagpapatawad pati ng mga kasalanan?49 At ang mga kasalo niyang nangakaupo sa dulang ng pagkain ay nagpasimulang nangagsabi sa kanilang sarili, Sino ito, na nagpapatawad pati ng mga kasalanan? 50At sinabi niya sa babae, Iniligtas ka ng iyong pananampalataya; yumaon kang payapa." (Lucas 7:48-50)***, at gaya ng sumusunod:

- ***Katiyakan ng pagpapatawad:*** Isinugo ni Jesus ang babae ng may katiyakan ng pagpapatawad dahil siya ay Diyos na nagpapatawad ng mga kasalanan: ***"At ang mga kasalo niyang nangakaupo sa dulang ng pagkain ay nagpasimulang nangagsabi sa kanilang sarili, Sino ito, na nagpapatawad pati ng mga kasalanan?" (Lucas 7:48)***
- ***Katiyakan ng kaligtasan:*** Tiniyak ni Jesus sa babae ang kanyang kaligtasan: "***Iniligtas ka ng iyong pananampalataya; yumaon kang payapa." (Lucas 7:50)***
- ***Kapayapaan:*** Pinayaon siya ni Jesus sa kapayapaan: ***"yumaon kang payapa." (Lucas 7:50)***

Gagawin ng Diyos ang katulad sa atin kung gagawin natin ang kapareho sa kung anong ginawa ng babae. Ngayon, pinapahalagahan mo ba talaga ang dakilang mga bagay na nagawa sa iyo ni Jesus? Handa mo bang ibigay sa Kanya ang iyong puso at ang iyong buhay? Handa mo bang ibigay sa Kanya ang lahat ng iyong kalakasan at ang kagandahan ng iyong katawan? Handa mo bang ibigay sa Kanya ang pinakamahusay ng iyong oras? Handa mo bang ibigay sa Kanya ang pinakamahusay ng iyong salapi, ng iyong ikapu, ng iyong unang bunga, ang iyong mga handog sa pagibig at ng iyong tulong sa mga dukha?

***"13 Katotohanang sinasabi ko sa inyo, Saan man ipangaral ang evangeliong ito sa buong sanglibutan, ay sasaysayin din ang ginawa ng babaing ito sa pagaalaala sa kaniya." (Mateo 26:13)*** Ang panahon ay dumating na sa iyo upang gawin ang isang magandang bagay sa Panginoon, na saanman ang ebanghelyo ay ipangaral ang iyong nagawa ay maalala sa pagaalaala sa iyo.

***Ang aking Panalangin:*** *Amang Diyos Ako ay lumalapit sa iyong harapan sa pangalan ni Jesus na namatay sa krus para sa aking mga kasalanan at nabuhay na maguli mula sa kamatayan noong ikatlong araw upang bigyan ako ng walang hanggang buhay. Panginoon salamat para sa iyon katuruan na aking tinanggap mula sa iyong Salita ngayon. Panginoon salamat para sa iyong Salita sa akin, sapagkat binigyan mo ako ng pag-asa at niliwanagan mo ako ng katotohanan.*

*Magsisi at talikdan ang iyong pagmamataas, kaaybangan, sariling-katuwiran, maling palagay, walang kahandaang maglingkod sa Diyos. Panginoon ako'y nagsisisi mula sa sumusunod na mga kasalanan_____________________________________. Panginoon ipinapakumbaba ko ang aking sarili sa iyong paanan, handang isuko ang aking mga kasalanan, at handang ialay ang lahat ng aking buhay at ang bahagi ng aking katawan upang maglingkod sa iyo.*
*Panginoon ako'y nanalangin na tutulungan mo ako na gawin ang isang bagay maganda sa iyo. Panginoon, tulungan akong parangalan ka at patnubayan moa ko na gunawa ng isang bagay at ang mabuting gawain para sa iyo saanman ang ebanghelyo ay ipapangaral sa kung anong ginawa ay maalala sa pagaalaala sa akin at mananatili magpakailanman.*

*Panginoon ako'y nanalangain na tutulungan mo kami bilang isang simbahan na agwin ang napakalinis, at puro at ang Dalisay na mga bagay na nais mong gawin naming upang parangalan ka at gawin ang iyong gawain nang matapat; na maalala at mananatili magpakailanma. Panginoon puspusin kaming muli ng Banal na Espiritu na pumaroon at maglingkod sa iyo, upang abutin ang bagong mga kaluluwa at magtanim ng bagong pag-aaral ng Bibliya at bagong mga kapisanan para sa simbahan. Panginoon kunin ang mensaheng ito at ipalaganap ito. Panginoon, pagpalain kami, palawakin ang aming lupain, sumaamin nawa ang iyong kamay at ilayo kami sa kapahamakan upang hindi naming madama ang sakit. Nawa ang biyaya ng Panginoong Jesus at ang pagibig ng Diyos at ang pakikipagpisan ng Banal na Espiritu ay sumaating lahat sa pangalan ni Jesus, Amen.*

Ako'y May Sasabihin Sa Iyo. Gumawa ng Mabubuting Bagay Kay Jesus. Lucas 7:36-50. Mateo 20:16. Roma 12:16,1-2. Juan 13:14-17. Awit 51:17. 1 Timoteo 1:12. Juan 12:3-8. Mateo 20:2. Mateo 26:7-13. Marcos 14:3-9

Dr.Ramiz Khalaf
Ang Tagapamahala ng Simbahan
Simbahan ng Diyos
United Arab Emirates
Email: thebread1@gmail.com
Mobile Tel.#: 00971551902647

Tandaan: Ang Tinapay ng buhay ay lingguhang paghahayag mula sa Simbahan ng Diyos, United Arab Emirates. Sa karagadagang usapin at higit sa espiritual na pagpapalago maari mo kami bisitahin sa aming website sa: www.churchofgoduae.com

Ibahagi mo ito sa iyong mga kaibigan.

Nakikiusap ako na ibahagi mo sa amin ang iyong saloobin tungkol sa mensahe at

kung mayroon kang katanungan.

Kung mayroon kang kahilingan na panalagin, maari mong ipadala sa numero ng whatsapp: 00971551902647, o sa email na ito: thebread1@gmail.com.

Pakipadala ng iyong ikasapung bahagi, iyong unang bunga at iba ibang handog sa simbahan sa account na ito:

Pangalan ng Banko:
First Abu Dhabi Bank (FAB)
ACCOUNT NAME:
RAMIZ BAHNAM ABBO KHALAF
ACCOUNT NO:
1576003753162014
IBAN:
AE380351576003753162014
SWIFT CODE:
NBADAEAACPU

O tawagan ako sa whatsapp numerong ito: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com

Kung kailangan mo ng payo sa bahagi ng iyong buhay, kung ito'y tungkol sa pamilya, mga anak at pinansyal, malaya kayo makipagugnayan sa akin sa whatsapp na numerous: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com